



State of California — Health and Human Services
Department of Health Care Services

P.O. Box 989009, West Sacramento, CA 95798-9850



JOHN SAMPLE
1234 SAMPLE STREET
ADDRESS 2
ANYTOWN CA 90000

XX/XX/XXXX

Mahalagang Impormasyon

Nagbabago ang paraan ng pagkuha mo sa mga serbisyo ng Medi-Cal. **Dapat** kang mag-enroll sa isang planong pag-aalaga ng kalusugan na pinamamahalaan ng Medi-Cal upang makatanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal. Ang dahilan para sa pagbabagong ito ay upang makatulong na pagsamahin sa isang lugar ang mga serbisyong Medi-Cal mo.

Mangyaring maingat na basahin ang abisong ito. Wala ka pang kailangang gawin. Padadalhan ka namin ng impormasyon at mga materyales sa pagpapa-enroll sa planong pangkalusugan sa humigit-kumulang isang buwan. Kung ikaw ay nasa Medicare, hindi maapektuhan ng pagbabagong ito ang iyong sakop na Medicare o ang kakayahan mong magpatingin sa iyong doktor sa Medicare.

Anong mga serbisyo ang makukuha mo mula sa iyong planong pangkalusugang Medi-Cal?

Isasaayos ng iyong planong pangkalusugang Medi-Cal ang lahat ng iyong mga serbisyong sakop ng Medi-Cal.

- Kung nasa Medicare ka, ang iyong planong pangkalusugang Medi-Cal ay magbabayad para sa ilang pagbabahagi ng gastos ng Medicare, ilang mga karagdagang benepisyo (katulad ng mga de-resetang gamot na hindi sakop ng Medicare), kaunting transportasyon, at ilang Long Term Services and Supports.
- Kung mayroon ka lang Medi-Cal, ang iyong planong pangkalusugang Medi-Cal ay magiging responsable para sa lahat ng iyong medikal na pangangailangan, kaunting transportasyon at ilang Long Term Services and Supports.

Ano ang Medi-Cal Long Term Services and Supports?

- **Ang In-Home Supportive Services (IHSS)** ay mga personal na serbisyo sa pag-aalaga para sa mga taong kailangan ng tulong upang ligtas na mabuhay sa mga tahanan nila. Kung kasalukuyan kang nakatanggap ng IHSS, hindi mo kailangang palitan ang iyong mga tagapagbigay ng IHSS at maaari ka pa ring kumuha, magpaalis at pamahalaan ang iyong mga tagapagbigay.
- **Ang Community-Based Adult Services (CBAS)** ay pang-araw na pag-aalaga ng kalusugan sa mga sentro na nagbibigay ng nursing, therapy, mga aktibidad at mga pagkain para sa mga tao na may ilang hindi gumagaling na kalagayan sa kalusugan.
- **Ang Multipurpose Senior Services Program (MSSP)** ay nagbibigay ng serbisyong koordinasyon ng lipunan at pag-aalaga ng kalusugan para sa mga taong nasa edad na 65 at mas matanda.

Kung nakakatanggap ka ng MSSP, ang iyong planong pangkalusugan ay makikipagtulungan sa iyong mga tagapagbigay ng MSSP upang mas maayos nang mabuti ang pag-aalaga sa iyo. Kung kasalukuyan kang nakakatanggap ng MSSP, hindi mo kailangang palitan ang iyong tagapagbigay ng MSSP.

- **Pag-aalaga sa nursing home:** Kung nakakatanggap ka ng pag-aalaga sa isang nursing home, makikipagtulungan ang iyong planong pangkalusugan sa iyong doktor at nursing home upang mas mahusay maayos ang pag-aalaga sa iyo. Kung kasalukuyan kang nasa isang nursing home, hindi mo kailangang palitan ang iyong nursing home.
- Kung hindi mo makuha ang mga serbisyong ito ngayon, matutulungan ka ng iyong planong pangkalusugan na makuha sila sa hinaharap kung kailangan mo sila.

Maaari ba akong magpatingin sa aking mga doktor sa Medicare matapos akong mag-enroll sa isang planong pangkalusugang Medi-Cal?

Oo, kung mayroon kang Medicare, hindi magbabago ang iyong mga tagapagbigay sa Medicare.

Maaari ba akong magpatingin sa aking mga doktor sa Medi-Cal matapos akong mag-enroll sa isang planong pangkalusugang Medi-Cal?

Kung Medi-Cal lang ang mayroon ka, kailangan mong alamin mula sa iyong planong pangkalusugan para malaman kung ang mga tagapagbigay mo ay nagtatrabaho sa planong pangkalusugan. Sa pangkalahatan, maaari kang magpatingin sa iyong mga kasalukuyang doktor nang 12 buwan.

Ang pag-enroll lang sa isang planong pangkalusugang Medi-Cal ay:

- HINDI magbabago sa iyong mga serbisyo o benepisyo ng Medicare.
- HINDI magbabago sa iyong pagiging narapat sa Medi-Cal o magkakagasta ka ng ekstra.
- HINDI puputol sa alinman sa iyong mga serbisyong Medi-Cal o mga benepisyo.

Kailan ko kailangang mag-enroll sa isang planong pangkalusugang Medi-Cal?

Makakatanggap ka ng higit pang impormasyon tungkol sa mga pagpipilian mo para sa isang planong pangkalusugang Medi-Cal. Kung hindi ka pumili, ie-enroll ka sa isang planong pangkalusugang Medi-Cal simula sa MM/DD/YYYY.

Ano ang dapat kong gawin ngayon?

- Talakayin ang mga pagpipilian mo sa kaninomang may alam tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pag-aalaga sa kalusugan, katulad ng iyong pamilya, iyong mga doktor, o iyong lokal na mga tagapagbigay ng Long Term Services and Supports.
- Bantayan ang mail mo para sa isang pakete mula sa Health Care Options sa tinatayang isang buwan.

Para sa tulong o karagdagang impormasyon

Kung kailangan mo ang liham na ito sa ibang wika o kahaliling format, katulad ng malaking print, audio, o Braille; o kung kailangan mo ng tulong sa pag-enroll sa isang planong pangkalusugan, mangyaring tumawag sa:

Health Care Options

1-844-580-7272 • TTY: 1-800-430-7077

Lunes - Biyernes, 8 am - 5 pm

www.HealthCareOptions.dhcs.ca.gov